

Paano Gagamitan ng Spacer ang Iyong Inhalador

Palaging gamitan ng spacer ang iyong inhalador.


- Ang spacer ay isang gamit na tutulong sa iyong inhalador na gumana nang mas mabuti.
- Gumagana ang spacer sa pagpapabagal sa gamot upang makarating ito sa iyong mga baga sa halip na tumama sa bandang likod ng iyong lalamunan.



may spacer



walang spacer



1. Ihanda ang Iyong Gamot

- Alugin ang inhalador.
- Tanggalin ang mga takip ng inhalador at spacer.
- Ikabit ang inhalador sa spacer.



2. Ihanda ang Iyong Sarili

- Tumayo nang tuwid.
- Huminga palabas upang bakantehin ang iyong mga baga.
- Ilagay nang mahigpit ang iyong mga labi sa mouthpiece.



3. Suminghot

- Idiin ang inhalador upang palabasin ang isang buga.
- Huminga nang marahan at malalim.



4. Pigilin ang Iyong Hininga, Pagkatapos ay Ulitin

- Pigilin ang iyong hininga habang marahan kang bumibilang hanggang 10.
- Huminga palabas.
- Kung nais ng iyong doktor na gumamit ka ng dalawang buga, maghintay nang 20 segundo bago ang susunod na pagsinghot.
- Kapag tapos ka na, banlawan ang iyong bibig at takpan muli ang inhalador at spacer.